M06/2/A2PIL/SP1/TGL/TZ0/XX
22062051

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Monday 22 May 2006 (morning)
Lundi 22 mai 2006 (matin)
Lunes 22 de mayo de 2006 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n'êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A* ***o*** *Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang sumusunod na dalawang teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1** (a)

### Bonsai: Bansot na Puno

***TAGPUAN:*** *Magkaharap sina ALING INES, mga 50 taong gulang at MS. GONZALES, 39, lugal ng mga bansot na puno na ginawang turuan ni MS. GONZALES ng sining ng bonsai, at estudyante ang matanda, na ina ng isang mayamang tagapangulo ng kompanya na nais manligaw kay MS. GONZALES.*

ALING INES: Nagkanobyo ka na ba, Ms. Gonzales?

MS. GONZALES: *(waring hindi pansin si Aling Ines)*
Ang anumang sugat sa buhay, dadalhin ito habang panahon. Kayat kailangang maging mapagtanda. Pahiran ng gamot ang anumang gurlis. Ikawad, balutin ng alambre ang sanga upang maihilig ang pagnanais. Kapag sobra ang init o sobra ang lamig, kailangang ikulong ko siya. Takpan ng ground moss ang mga ugat. Kapag nanlulupaypay ang sanga, bombahan ng lason ang dahon.

ALING INES: Kay lupit. Bakit hindi mo hinayaang mamukadkad?

MS. GONZALES: Hayaan? Magiging isang ordinaryong bagay na lamang siya. Mamumunga ang puno, at ang bunga ay kukunin ng kung sino at ititinda sa kung saang mabahong palengke o bangketa… Samantala'y pag hindi na mapakikinabangan ang puno'y kakahuyin na lamang ito. Ipanggagatong sa isang mabahong kusina. At kung minsan, ang kanyang sariling bunga ang mismong niluluto ng kanyang mga sangang ginawang panggatong. Nanggaling sa iisang puno. Kay lupit na wakas. Habang tumatanda, ang puno'y nawawalan ng silbi; maliban sa sarili niyang pagpapatiwakal.

Halaw sa dula ni Ruel Molina Aguila, *Alphabet Communications*, 2003

**Teksto 1** (b)

**Dalangin Para sa Puno**

Panginoon, palaguin ang puno
Sa pusod ng buhay;
Kinasi ng pananalig
Na sintaas ng mga pangarap.

Panginoon, alagaan ang puno
Sa duyan ng pag-ibig
Pinapala ng matibay na kamay
Sa isang paglalakbay.

Panginoon, pagkalooban ang puno
Na bulaklak ng tagsibol
Pagdatal ng taglagas
Mahaharap ang tadhana.

Panginoon, bigyan ang puno
Ng bunga na aanihin
Ang mga punla'y isasabog ng hangin
Kokorona sa masayang gubat.

Tula ni Eman David, Rex Book Publishing Co., 1993.

– Paghambingin ang realidad ng buhay sa dalawang teksto.

– Talakayin ang diwa ng kalayaan na nakapaloob sa dalawang puno.

– Suriin ang aspekto ng ugnayan at layunin na tinalakay sa dalawang teksto.

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ita bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 2** (a)

### Pagkatapos ng Sigwa

Lagi't laging ganito ang buhay ng mga Pilipino, lalo na ang pangkaraniwang mamamayan.

Sa panahon ng tag-unos, laging sinusukat ang tatag ng Pilipino sa mga pagsubok ng kalikasan. Nariyan ang lindol, pagputok ng bulkan at mga unos na kung minsa'y higit pa sa dami ng alpabeto ng ating pambansang wika.

Pero talagang tadhana ng ating lahi ang ganitong kalagayan. Ganito ang Pilipinas na ating sinilangan, katatandaan at kamamatayan.

Ang ibig sabihin, ang mga pagsubok ng kalikasan sa buhay ng ating lahi ay tumutulong sa ating pagka-Pilipino. Sa isang lahing masigwa, inaasahang ang lahing iyon ay magiging matatag.

Nagiging bahagi na rin ng katutubong kultura ang pagharap sa mga sigwang dulot ng panahon. Ang totoo, nagiging tagahubog ng pagkataong Pilipino ang sigwa. Hindi ba't malimit ikumpara ang ugali ng Pilipino sa punong kawayan? Napakagaling ng Pilipino na umakma sa mga unos ng buhay, kagaya ng pagsayaw ng kawayan sa unos ng panahon.

Kamakailan lamang, dumaan sa Pilipinas ang isang napakalakas na bagyo. Iniisip natin, paano na ang mga kubo? Paano na ang mga pananim? Paano pagkatapos ng isang mapaminsalang unos?

Kagaya ng mga nagdaang panahon, katulad ng kawayan, pagkatapos ng mapaminsalang unos, nakatayo pa rin ang Pilipino.

Sinisimpan niya ang itinira sa kanya ng isang maunos na panahon. Sinisinop ang mga pananim na maaari pang pakinabangan. Kinukumpuni ang mga nasirang bahagi ng dampa.

Sa ganito ring mga gipit na kalagayan, naroon ang ating mga kapitbahay sa komunidad. Handa silang tumulong sa nangangailangan ng tulong. Nabubuhay sa ganitong gipit na panahon ang diwa ng kapatiran at bayanihan.

Isa ito sa maaari nating gawing panukat sa kintal ng sigwa sa ating pambansang lahi.

Editoryal, *Tanod* Bantay ng Bayan, Agosto 10, 2004.

**Teksto 2** (b)

## Kamay ng Bathala

Nagsimula na silang magdasal.

Maaga silang nahiga sa nakalatag na banig. Nasa gitna ng ama't ina si Ando.

Lumalakas ang bugso ng hangin. Parang sumisikad sa kanilang saradong-saradong kubo. Alam ni Ando, matibay ang suhay na kawayan na itinukod ng ama sa apat na panulukang bubungan ng kanilang dampa.

Umaangil wari ang unos. Parang galit. Instrume. Iniisip ni Ando ang mangyayari sa mga inakay sa pugad.

Pero naiisip niya ang sinabi ng kanyang Tatang.

"Napakabata mo pa para maunawaan ito. Ang mga ibon ay dinadalaw ng unos pero nananatili sila, Ando."

At nakalimot na rin si Ando sa pagdalaw ng tiwala sa kanyang loob.

Nang magising sila, wala na ang soogit ng unos. Bagama't pabugso-bugso pa rin and dapyo, alam ni Ando, nakalampas na rin ang isang buong magdamag ng masigwang gabi.

Mabilis na bumangon si Ando. Tulak ng kakaibang lakas wari, tinakbo ni Ando ang landas patugpa sa puno ng banaba.

Nasa tapat na si Ando ng puno ng banaba. Nakita niyang ang mga lunting dahon ng banaba ay nagutay-gutay ng unos. May mga nabakling sanga na nakalaylay.

Tunay na sumuno sa puso ni Ando ang isang masayang tanawin. Naroon ang pugad ng batobato. Naririnig niya ang masasayang matinis na huni.

Maya-maya, nakita ni Ando na dumapo sa sanga na kinaroroonan ng pugad ang inang batobato.

Trruktrruktruk.

Parang isang sonata ang nauulinig ni Ando. Mabilis siyang tumakbong pabalik sa kanilang kubo.

Kuwento ni Munding Cho, *Tinig*, Enero 2005

– Ano ang katangian ng pagkatao na tinatalakay sa dalawang teksto?

– Talakayin ang uri ng unos na maaaring makuha ng bumabasa sa dalawang teksto?

– Suriin ang ugnayan ng istilo at nilalaman sa dalawang teksto.